



Department
of Health

Malaki ang nagagawa ng

maagang Tulong!



Ang Programa ng Maagang Interbensyon (Early Intervention Program)

Ikaw ang nakakakilala nang mabuti sa anak mo. Mayroon ka bang mga alalahanin tungkol sa paraan ng paglalaro, pag-aaral, pagsasalita, pagkilos, o paggalaw ng iyong sanggol o paslit? Malaki ang nagagawa ng paghingi ng tulong nang maaga! I-refer ang iyong anak sa Programa ng Maagang Interbensyon ng Estado ng New York.

Anong Tulong ang Available?

Nagbibigay ang Programa ng Maagang Interbensyon ng Estado ng New York ng mga serbisyo sa mga kwalipikadong sanggol at paslit na wala pang tatlong taong gulang na hindi nagdidibelop tulad ng ibang bata. Maaari mong i-refer ang iyong anak para sa isang pagsusuri. Kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo, tutulungan ka ng iyong lokal na programa na makuha ang mga ito. Walang gagastusin para sa mga pamilya.

Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang:

- Mga therapy sa speech-language (pananalita-wika), pisikal at trabaho
- Espesyal na Tagubilin
- Mga serbisyo sa audiology (pandinig) at paningin
- Suporta sa pamilya (social work, grupo, pagsasanay)

Aling mga Bata ang Nangangailangan ng Maagang Tulong?

Maaaring mangailangan ng tulong ang sinumang batang wala pang tatlong taong gulang na maaaring hindi nagdidibelop tulad ng ibang mga bata dahil sa debelopmental na pagkaantala, o isang kapansanan.

Maaaring maging kwalipikado ang iyong anak para sa maagang interbensyon kung mayroon silang isa sa mga sumusunod na kondisyon:

Debelopmental na Pagkaantala:

Ang debelopmental na pagkaantala ay nangangahulugan na huli ang isang bata sa ilang aspeto ng pagdibelop, tulad ng paglaki, pag-aaral, pag-iisip, o pakikipag-usap.

Kapansanan:

Ang isang kapansanan ay nangangahulugan na may na-diagnose na pisikal o mental na kondisyon ang isang bata na nakakaapekto sa kanilang pagdibelop.

Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng Programa ng Maagang Interbensyon ng Estado ng New York sa bahay, sa childcare (pangangalaga ng bata), o saanman ginugugol ng iyong anak ang kanilang araw.

Makakatulong ito sa iyo at sa iyong pamilya:

- Suportahan at itaguyod ang paglaki ng iyong anak
- Isali ang iyong anak sa mga aktibidad ng pamilya at komunidad

Tingnan ang **“Checklist para sa Mga Lumalaking Bata”** para sa mga palatandaan na maaaring mangailangan ng karagdagang tulong ang iyong sanggol o paslit. Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa paglaki ng iyong sanggol, mas maaga kang makakuha ng tulong, mas mabuti!

Checklist para sa Mga Lumalaking Bata

Ang mga developmental milestone ay mga bagay na magagawa ng karamihan sa mga bata sa isang partikular na edad. Narito ang ginagawa ng karamihan sa mga bata sa edad na ito:

Mga Milestone sa Edad 2 buwan

- Kumakalma kapag kinakausap o kinakarga
- Tumitingin sa iyong mukha
- Ngumingiti kapag kinakausap o nginingitian mo sila
- Gumagawa ng mga tunog maliban sa pag-iyak
- Tumutugon sa malalakas na tunog
- Binabantayan ka habang gumagalaw ka
- Tinitingnan ang isang laruan nang ilang segundo
- Itinataas ang ulo kapag nakadapa
- Ginagalaw ang magkabilang braso at magkabilang binti
- Binubuksan at sinasara ang mga kamay

Mga Milestone sa Edad 4 na buwan

- Tumatawa (hindi pa buong tawa) kapag sinubukan mo silang patawanin
- Tinitingnan ka, gumagalaw, o gumagawa ng mga tunog para makuha o mapanatili ang iyong atensyon
- Gumagawa ng mga tunog tulad ng “oooo” at “aahh” (cooing)
- Ibinabaling ang ulo patungo sa tunog ng iyong boses
- Gumagawa ng mga tumitiling ingay
- Kung nagugutom, ibinubuka ang bibig kapag nakakita sila ng suso o bote
- Tinitingnan ang kanilang mga kamay nang may interes
- Umiikot mula patihaya papuntang padapa
- Matatag na napapanatili ang ulo nang walang suporta kapag hawak mo sila
- Hinahawakan ang laruan kapag inilalagay mo ito sa kanilang kamay

Mga Milestone sa Edad 6 na buwan

- Kilala ang mga pamilyar na tao
- Gustong tingnan ang sarili sa salamin
- Bumabaling patungo sa pinagmumulan ng normal na tunog
- Blows “raspberries” (inilalabas ang dila at humihihip)
- Ginagaya ang mga tunog na ginagawa mo
- Hinahampas ang maliliit na bagay sa ibabaw
- Inaabot para kunin ang mga laruang gusto nila
- Isinasara ang mga labi para ipakitang ayaw na nilang kumain
- Umiikot mula padapa papuntang patihaya
- Umuupo sandali nang walang suporta
- Pinupulot ang maliliit na bagay gamit ang buong kamay
- Ipinapasa ang laruan mula sa isang kamay patungo sa isa pa

Mga Milestone sa Edad 9 na buwan

- Nagpapakita ng ilang ekspresyon ng mukha, tulad ng pagiging masaya, malungkot, galit, at pagkagulat
- Nagre-react kapag umaalis ka (tumitingin, inaabot ka, o umiiyak)
- Tumitingin o lumilingon kapag tinawag mo ang kanilang pangalan
- Tumitingin sa paligid kapag nakakarinig ng mga bagay tulad ng, “Nasaan ang iyong kumot?”
- Gumagawa ng iba’t ibang tunog tulad ng “mamamama” at “bababababa”
- Naghahanap ng mga bagay kapag nawala sa paningin (tulad ng kanilang kutsara o laruan)
- Naglalaro ng peek-a-boo at pat-a-cake
- Gumagapang gamit ang mga kamay at tuhod
- Umuupo nang walang suporta
- Nagta-transisyon sa pagitan ng pag-upo at pagtayo
- Sadyang binibitawan ang mga bagay
- Ginagamit ang mga daliri para “kayurin” ang pagkain patungo sa kanila

Mga Milestone sa Edad 12 buwan

- Nauunawaan ang “hindi” (humihinto sandali o tumitigil kapag sinabi mo ito)
- Kumakaway ng bye-bye
- Sumusunod sa mga iniuutos gamit ang mga kilos, tulad ng paggalaw at pagsasabi ng, “Ibigay sa akin (bagay)”
- Tinatawag ang isang magulang na “mama” o “dada” o ibang espesyal na pangalan
- Naglalagay ng isang bagay sa isang lalagyan, tulad ng isang bloke sa isang baso
- Hinahanap ang mga bagay na nakikita nilang itinago mo, tulad ng isang laruan sa ilalim ng kumot
- Tumatayo nang walang suporta
- Naglalakad, humahawak sa mga muwebles (cruising)
- Pinupulot ang pagkain at kinakain ito
- Pinupulot ang maliliit na bagay gamit ang hintuturo at hinlalaki

Mga Milestone sa Edad 15 buwan

- Ginagaya ang ibang mga bata habang naglalaro, tulad ng pagkuha ng mga laruan sa lalagyan kapag kumukuha ang ibang bata
- Umiinom mula sa isang basong walang takip at maaaring may matapon kung minsan
- Nagpapakita sa iyo ng pagmamahal (yumayakap, nagpapakalong, o humahalik sa iyo)
- May itinuturo para humingi ng isang bagay o para humingi ng tulong
- Gumagamit ng 3 salita maliban sa mga pangalan
- Sinusubukang gamitin ang mga bagay sa tamang paraan, tulad ng telepono, baso, o libro
- Tumitingin sa paligid kapag sinasabi mo ang mga bagay na tulad ng, “Nasaan ang iyong kumot?”
- Gumagapang paakyat ng hagdan
- Tumitingkayad para pulutin ang mga bagay
- Ginagamit ang mga daliri para kumain ng pagkain

Mga Milestone sa Edad 18 buwan

- Lumalayo sa iyo, ngunit lumilingon para tiyakin na malapit ka lang
- May itinuturo para ipakita sa iyo ang isang bagay na interesante
- Tumutulong sa iyo na bihisan sila, sa pamamagitan ng pagpasok ng braso sa manggas o pag-aangat ng kanilang paa
- Natutukoy ang 2 bahagi ng katawan
- Napapangalanan ang hindi bababa sa 5 pamilyar na bagay
- Ginagaya ka sa paggawa ng mga gawaing-bahay, tulad ng pagwawalis gamit ang isang walis
- Naglalaro ng mga laruan sa simpleng paraan, tulad ng pagtulak ng laruang sasakyan
- Nakakapaghagis ng maliit na bola habang nakatayo
- Umaakyat sa hagdan gamit ang 2 paa sa bawat hagdan na hawak ang kanilang mga kamay
- Naglalakad nang patalikod
- Sinusubukang gumamit ng kutsara
- Mga scribble
- Sumusunod sa mga isang-hakbang na direksyon nang walang anumang kumpas, tulad ng pagbibigay sa iyo ng laruan kapag sinabi mong “Ibigay sa akin”

Mga Milestone sa Edad 24 na buwan

- Napapansin kapag nasasaktan o masama ang loob ng iba, tulad ng paghinto o parang nalulungkot kapag may umiiyak
- Tumitingin sa iyong mukha upang makita kung paano tumugon sa isang bagong sitwasyon
- Naglalaro kasama ng ibang bata
- Nagsasalita ng hindi bababa sa dalawang salita nang magkasama, tulad ng “Gatas pa.”
- Sinusubukang gamitin ang mga switch, knob, o pindutan (button) sa isang laruan
- Naglalaro ng higit sa isang laruan nang sabay-sabay, tulad ng paglalagay ng laruang pagkain sa laruang plato (pinagsasama ang mga laruan sa paglalaro)
- Tumatakbo
- Naglalakad (hindi umaakyat) sa ilang hagdan nang may tulong o walang tulong
- Sinisipa ang bola
- Kumakain gamit ang isang kutsara

Mga Milestone sa Edad 30 buwan

- Gumagamit ng mga bagay para magpanggap, tulad ng pagpapakain ng bloke sa isang manika na para bang pagkain ito
- Hinuhubad ang ilang damit nang mag-isa, tulad ng maluwag na pantalon o open jacket
- Pinapangalanan ang mga bagay sa isang aklat kapag itinuturo mo at itinatanong ang, “Ano ito?”
- Nagsasalita ng dalawa o higit pang salita nang magkasama, na may isang aksyon na salita, tulad ng “Takbo Doggie”
- Ipinapakitang alam nila ang kahit isang kulay, tulad ng pagturo sa isang pulang krayola kapag itinatanong mo ang, “Alin dito ang pula?”
- Nagpapakita ng mga simpleng kasanayan sa paglutas ng problema, tulad ng pagtayo sa isang maliit na bangkito para abutin ang isang bagay
- Sumusunod sa dalawang hakbang na tagubilin tulad ng “Ibaba ang laruan at isara ang pinto.”
- Tumatakbo nang mabuti nang hindi natutumba
- Umaakyat sa hagdan gamit ang isang paa, pagkatapos ay ang isa pa
- Ginagamit ang mga kamay para pihitin ang mga bagay-bagay, tulad ng pagpihit ng mga doorknob o pagtanggap ng takip
- Kumakain gamit ang isang tinidor
- Hinahawakan ang krayola gamit ang hinlalaki at mga daliri sa halip na kamao
- Nakakapagsalita ng 50 salita

Kung may problema ang iyong anak sa paggawa ng ilan sa mga bagay na ito, maaaring mapanatag ka ng pakikipag-usap sa isang tao.

Malaki ang nagagawa ng maagang tulong!
Makipag-usap sa iyong doktor at tawagan ang iyong lokal na **Programang Maagang Interbensyon.**

Inangkop ang nakasulat na nilalaman sa tsart na ito mula sa mga sumusunod na masasanggunian:

1. The Centers for Disease Control and Prevention. (2023, June 6). CDC's developmental milestones. Nakuha noong Nobyembre 6, 2023, mula sa <https://www.cdc.gov/ncbddd/actearly/milestones/index.html>
2. Hagan JF, Shaw JS, Duncan PM, eds. Bright Futures: Guidelines for Health Supervision of Infants, Children, and Adolescents [pocket guide]. 4th ed. Elk Grove Village, IL: American Academy of Pediatrics; 2017

Saan Makakakuha ng Tulong ang mga Magulang?

Makipag-ugnayan sa Programa ng Maagang Interbensyon sa county kung saan ka nakatira upang humingi ng tulong para sa iyong anak. health.ny.gov/EICounty

Tawagan ang Estado ng New York na Lumaking Malusog (Growing Up Healthy) 24-hour na Hotline sa 1-800-522-5006 para sa numero ng telepono ng Programa ng Maagang Interbensyon ng iyong county. Sa Lungsod ng New York, tumawag sa 311.

Matuto pa tungkol sa Programa ng Maagang Interbensyon ng Estado ng New York sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa: health.ny.gov/EIFamilies

Email: beipub@health.ny.gov

Telepono: 518-473-7016



**Department
of Health**